



Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>pahina 25. Basahin ito upang matandaan at maunawaang mabuti.</i></p> <p><i>Marami ka bang natutuhan mula sa modyul na ito?</i></p> <p><i>Kung gayon ay maaari mo nang sagutan ang mga katanungan sa Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?</i></p> <p><i>Nakarating na tayo sa katapusan ng modyul. Ako ay umaasa na marami kang natutuhan mula dito. Binabati kita! Maaari ka ng mag-aral ngayon ng iba pang modyul.</i></p>	<p><i>Oo, marami kaming natutuhan.</i></p> <p><i>Sasagutin ng mga mag-aaral ang Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? sa pahina 26.</i></p>



Mahal kong NFE A&E Facilitator,

Inihahandog namin ang inyong *Nonformal Education Accreditation and Equivalency (NFE A&E) Learning Program* ng Kawanihan ng Edukasyong Nonformal, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ito ay isang paraan ng pag-aaral na nagbibigay ng alternatibong pagkakataon sa mga kabataan at mga may sapat na gulang na di nakapag-aral upang higit na mapabuti ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagkukwenta. Sa pakikisali sa programang ito, matatamo nila ang isang katibayan sa antas ng elementarya o sekundarya.

Simikap na buuin ang programang ito upang matulungan ang mga mag-aaral na unti-unting malinang ang kanilang kakayahan na matuto nang sarilinan. Sa gayon, maaari na silang mag-aral nang di palaging umaasa sa tulong mo. Kailangan nila ang pamamatnubay mo sa unang ilang modyul sa antas ng elementarya dahil di pa gaanong matatag ang kanilang kasanayan sa pagsusulat, pagbasa at pagkukwenta. Sana'y makatulong sa pamamatnubay mo sa kanila ang inihanda naming manwal. Pawang mungkahi lamang ang mga gawaing nakapaloob sa manwal. Maaari mong dagdagan ito upang lalong maging

kawili-wili at angkop ang mga gawain sa paglinang ng kasanayan at kaalaman ng iyong mga mag-aaral.

Nakasalalay sa iyong mga kamay ang tagumpay ng programang ito. Inaasahan naming sa tulong mo ay matilimang nang lubusan ang kanilang kasanayan at kaalaman na magagamit nilang puhunan sa pagpapabuti ng uri ng kanilang pamumuhay at sa matagumpay na pakikipamuhay at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng lipunan.

Nasa iyo ang pag-asa. Ikaw ang aming kaagapay upang ang *Nonformal Education Accreditation and Equivalency (NFE A&E) Learning Program* ay magtagumpay.

Rauls Roco
RAULS. ROCO
Kalihim

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Tingnan natin kung gaano mo naunawaan at natandaan kung ano ang iyong pinag-aralan sa aralin na ito. Gawin ang mga pagsasanay sa Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan sa pahina 24.</i></p>	<p>Sasagutan ng mga mag-aaral ang <i>Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan</i> sa pahina 24.</p>
<p><i>Kapag ikaw ay natapos na sa pagsagot nito, ihambing ang iyong mga sagot sa Batayan sa Pagwawasto sa pahina 51-60.</i></p>	<p>Ihahambing ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto</i> sa pahina 51-60.</p>
<p><i>Upang matulungan kang lubos na maunawaan at matandaan ang mahahalagang kaisipan na ating tinalakay sa araling ito, basahin ang Tandaan Natin sa pahina 23.</i></p>	<p>Babasahin ng mga mag-aaral ang <i>Tandaan Natin</i> sa pahina</p>
<p>D. Paglalahat</p> <p><i>Ang mga pangunahing kaisipan ng modyul ay ibinuod sa Ibuod Natin sa</i></p>	<p>Babasahin ng mga mag-aaral ng <i>Ibuod Natin</i> sa pahina 25.</p>

PAGPAPARAMI AT PAGHAHATI (IKALAWANG BAHAGI)

A. Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang modyul na ito ay huling bahagi ng tatlong bahaging serye sa apat na pangumahing operasyon. Ang unang modyul ay tungkol sa pagbabasa at pagsusulat ng mga bilang, pagdaragdag at pagbabawas. Ang pangalawang modyul ay nagpakilala sa mga batayang katotohanan ng pagpaparami at paghahati. Sa modyul na iyon, natutunan ng mga mag-aaral ang tungkol sa pagpaparami at paghahati ng mga bilang na may dalawang mga digit.

Ang modyul na ito ay nakatuon sa pagpaparami at paghahati ng mga bilang na may tatlong mga digit. Ang modyul na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na makalutas ng mga simpleng suliranin, lalo na doon sa kinasasangkutan ng pera, gamit ang pagpaparami at paghahati.

Ang modyul na ito ay nahahati mga sumusunod na aralin:

Aralin 1 — *Pagpaparami ng mga Bilang na may Tatlong Tambalang*

Aralin 2 — *Paghahati ng mga Bilang na may Tatlong Tambalang*

B. Anu-ano ang Matututuhan sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, maaari ng maisagawa ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

- ◆ makapagparami ng mga buong bilang na may tatlong tambalang;
- ◆ makapaghahati ng mga buong bilang na may tatlong tambalang; at
- ◆ makalutas ng mga simpleng suliranin gamit ang pagpaparami at paghahati.

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Paano mo nalaman na ito ay tama?</i></p> <p><i>Magaling.</i></p> <p>C. Paggamit sa Napag-aralan</p> <p><i>Ang lahat ba ng ating tinalakay sa aralin na ito ay malinaw na sa iyo?</i></p> <p>Kung ang isang mag-aaral ay sumagot ng hindi, hikayatin siya na magtanong tungkol sa mga bahagi ng aralin na hindi naging maliwanag sa kanya. Ipaliwanag ito nang mas mabuti. Tiyakin na ang lahat ay maliwanag sa mga mag-aaral bago sabihin sa kanila na gawin ang huling pagsusultit ng aralin.</p>	<p><i>Ito ay katumbas ng dividend.</i></p> <p><i>Oo, malinaw na lahat.</i></p>

C. Oops! Tekang Muna

Tiyakin na ang lahat ng mga mag-aaral ay nakatapos na sa pag-aral ng modyul na *Pagpaparami at Paghahati I* bago magpatuloy sa modyul na ito.

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Samakatuwid, ano ang quotient ng 972 at 4?</i></p> <p><i>Itanong sa isang mag-aaral kung paano nakatitiyak na nakuha mo ang tamang quotient?</i></p> <p><i>Pagkatapos ay sabihin sa isa pa na isulat ang 243 sa pinahabang anyo.</i></p> <p><i>Pagkatapos ay tumawag ng isa pang mag-aaral upang kunin ang binabahaging product at isa pa upang magdagdag at kunin ang huling product.</i></p> <p><i>Ang huling product ay dapat maging katumbas ng dividend na 972.</i></p> <p><i>Sa gayon, nakuha ba natin ang tamang quotient?</i></p>	<p><i>Dalawang daan at apatnapu'tatlo.</i></p> <p><i>Pararamihin natin ang quotient na 243 sa panghati na 4.</i></p> <p><i>Isang mag-aaral ang magtutungo sa pisara at isusulat ang 243 sa pinahabang anyo.</i></p> <p><i>Isang mag-aaral ang sasagot para nakuha ang product at isa naman para sa huling product sa pamamagitan ng pagdaragdag ng product.</i></p> <p><i>Oo, nakuha namin.</i></p>

Pagpaparami ng mga Bilang na may Tatlong Tambilang

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Ano ang katalabasan?</p> <p>Maaari ba nating hatiin ang 1 sa 4?</p> <p>Ano ang ating gagawin?</p> <p>Tama, maging $17 \div 4$. Ano ang sagot?</p> <p>Tama. Paramihin ang 4 sa 4, ano ang sagot?</p> <p>Tama, pagkatapos, ipagbawas. Isa ang katalabasan. Ibaba ang 2, at maging 17.</p> <p>Ano ang susunod na gagawin?</p> <p>Ano ang sagot?</p> <p>Pagkatapos ibabawas ang 12 sa huling ginamit na dividend. Ang sagot ay ...?</p>	<p>Isa.</p> <p>Hindi.</p> <p>Ibaba ang 7. Magiging 17 ang dividend.</p> <p>Apat.</p> <p>Labing-anim.</p> <p>Hahatiin ang 12 sa 4.</p> <p>Tatlo.</p> <p>Sero.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>A. Paghahanda</p> <p>Natapos mo na bang pag-aralan ang modyul na Pagpaparami at Paghahati 1?</p> <p>Ang modyul na ito ay nagpakilala sa inyo ng batayang katotohanan sa pagpaparami at paghahati. Kayo ay hiniling na maglutas ng mga simpleng suliranin gamit ang pagpaparami at paghahati ng bilang na may dalawang tambilang.</p> <p>Ang mga natutuhan ninyo sa modyul na iyon ay mahalaga sa pag-aaral ng modyul na ito. Sa modyul na iyon, ikaw ay nagpaparami at naghati ng</p>	<p>Oo, natapos na namin.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>mga bilang hanggang sa datawang tambilang.</i></p> <p><i>Ngunit mayroong mga sitwasyon lalo na yaong mga kinasangkutan ng pera na nangangailangan ng kakayahan sa pagpaparami at paghahati ng mas malalaking bilang, tulad ng mga bilang na may tatlong tambilang.</i></p> <p>Ipamahagi ang mga modyul.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral na buksan sa pahina 1 ang modyul.</p> <p><i>Sino ang nais magbasa ng pamagat ng modyul?</i></p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral na tahimik na basahin ang <i>Tungkol Saan ang Modyul na Ito?</i></p>	<p>Bubuksan ng mga mga mag-aaral ang modyul sa pahina 1.</p> <p>Babasahin ng isang mag-aaral ang pamagat ng modyul. <i>Pagpaparami at Paghahati ng mga Bilang na may Tatlong Tambilang.</i></p> <p>Tahimik na babasahin ng mga mag-aaral ang <i>Tungkol Saan ang Modyul na Ito?</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>lamang ito sa panghati. Dapat na makakuha ka ng product na katumbas ng dividend.</i></p> <p>Magkaroon tayo ng isa pang halimbawa. Hatiin natin ang 972 sa 4.</p> <p>Isulat sa pisara ang suliraning hahatiin ng patayo.</p> <p><i>Tingnan natin kung ang tambilang ng dividend ay maaaring hatiin ng divisor.</i></p> <p><i>Maaari ba ito?</i></p> <p><i>Tama, kaya $9 \div 4 = 2$.</i></p> <p><i>Ano ang susunod nating gagawin?</i></p> <p><i>Tama, kung 2×4 ay ...?</i></p> <p><i>Pagkatapos, ibabawas natin ang 8 sa 9.</i></p>	<p>Oo.</p> <p><i>Pararamihin natin ang 2 sa 4.</i></p> <p><i>Walo.</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>ipinakikita sa pahina 21 ng modyul. Dapat na makakuha ka ng 144 bilang product.</i></p> <p><i>Ang ibig sabihin nito ay nakuha natin ang tamang quotient.</i></p> <p>Isulat ang suliraning pararamihin: $48 \times 3 = 144$. Pagkatapos ay maglagay ng paliwanag kung ano ang mga ito. Ang 48 at 3 ay ang factor at ang 144 ay ang quotient.</p> <p><i>Kasunod, isulat ang suliraning hahatiin: $144 \div 3 = 48$. Pagkatapos ay lagyan ng pagpapaliwanag ang mga bahagi. Ang 144 ay ang dividend, ang 3 ay ang divisor, at ang 48 ay ang quotient.</i></p> <p><i>Upang matiyak na tama ang nakuha mong quotient, paramihin</i></p>	

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Maaari mong gabayan ang mga mag-aaral upang maintindihan mabuti kung ano ang kanilang binasa.</p> <p><i>Ano ang mga pamagat ng mga aralin sa modyul?</i></p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral na buksan ang kanilang sa pahina 1. Basahin ang direksyon para sa <i>Anu-ano na ang mga Alam Mo</i> at sabihin sa mga mag-aaral na sagutan ang mga pagsasanay dito.</p> <p>Pagkatapos sagutan ang panimulang pagsusulit, sabihin sa kamila na ihambing ang kanilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto</i> sa mga pahina 28–41.</p> <p>Hayaan ang mga mag-aaral na bilangin ang kanilang iskor. Pagkatapos</p>	<p><i>Pagpaparami ng mga Bilang na may Tatlong Tambilang at Paghahati ng mga Bilang na may Tatlong Tambilang.</i></p> <p>Magtutungo ang mga mag-aaral sa pahina 2 ng modyul at sasagutan ang mga pagsasanay sa <i>Anu-ano na ang mga Alam Mo?</i></p> <p>Ihahambing ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto</i> sa pahina 28–41.</p> <p>Bibilangin ng mga mag-aaral ang kanilang iskor.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>nito basahin sa kamila ang mga puna:</p> <p><i>Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot, napakahusay. Ito ay nagpapakita na marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa. Maaari ka pa ring magbalik-aral sa mga nalalaman mo na.</i></p> <p><i>Maaaring maragdagan pa ang iyong kaalaman kung ipagpapatuloy mo ang pagbabasa ng modyul na ito.</i></p> <p><i>Makatutulong ito sa iyo na maunawaan ang mga mahahalagang konsepto na maaari mong gamitin sa araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, matutuhan mo ang mga sagot sa lahat ng mga pagsusulit! Handa ka na ba?</i></p>	

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
	<p><i>pagpaparami, 8×3 ay katumbas ng 24.</i></p> <p><i>Pagkatapos, babawasin natin ang 24 mula sa 24. At ano ang ating makukuha?</i></p> <p><i>Ang ibig sabihin nito ay nalutas na natin ang suliranin sa paghahati. Ang 144 na hinati sa 3 ay katumbas ng 48. Ang 48 ay ang quotient ng 144 at 3.</i></p> <p><i>Sinabi natin kanina na ang paghahati ay ang kabaligtaran ng pagpaparami. Samakatuwid, magagamit natin ito upang matiyak kung nakuha natin ang tamang sagot.</i></p> <p><i>Ipahayag ang pinachabang anyo ng 48. Pagkatapos ay paramihin nito sa 3. Ang kumpletong solusyon gamit ang kapwa pamamaraan ay</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>ang iyong daliri sa bilang na 3 sa pinakakanang hanay.</p> <p>Pagkatapos, igtalaw ang iyong daliri pakaliwa. Kapag naabot mo na ang bilang na 24, huminto. Pagkatapos, igtalaw ang iyong daliri sa pinakaitaas na hanay. Nakikita mo ba ang bilang 8 doon? Ito ay ang quotient ng 24 at 3.</p> <p>Isulat ang 8 sa ibabaw ng hanay ng tig-iisang daan sa dividend.</p> <p>Ang 8 ay mayroong halagang tig-iisa. Isusulat natin ito sa ibabaw ng pang-isahang tambilang ng 144. Mahuhulaan mo ba kung ano ang ating susunod na gagawin?</p> <p>Tama. Sa gayon, gaya ng nakikita mo sa talahanayan ng</p>	<p>Pararamihin natin ang 8 sa 3.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Maaari ka nang magtungo ngayon sa susunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.</p> <p>B. Mga Gawaing Panglinang</p> <p>Ano ang pamagat ng unang aralin?</p> <p>Babasahin ko sa inyo ang panimula ng araling ito. Makinig nang mabuti.</p> <p>Natutuhan mo mula sa Pagpaparami at Paghahati 1 at 2 na kapag ang isang bilang ay pinarami ng ilang beses, ito ay nagiging mas malaki.</p> <p>Nadaragdagan ang halaga nito.</p> <p>Sabihin sa isa sa mga mag-aaral na basahin nang malakas ang maikling salaysay sa pahina 4.</p>	<p>Ang pamagat ng unang aralin ay Pagpaparami ng mga Bilang na may Tatlong Tambilang.</p> <p>Makinig nang mabuti ang mga mag-aaral.</p> <p>Isa sa mga mag-aaral ay malakas na magbabasa ng maikling salaysay sa pahina 4.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Talakayin ang salaysay. Pagkatapos magbalik-aral sa pagdaragdag.</p> <p><i>Natutuhan mo rin na ang pagpaparami ay ang pinaikling pagdaragdag. Ang ibig sabihin nito ay kung nais mong lumaktaw sa paggawa ng pagdaragdag ng paulit-ulit, maaari mong gamitin na lamang ang pagpaparami.</i></p> <p>Basahin sa mga mag-aaral kung ano ang nakasulat sa <i>Pag-isipan Natin Ito</i>.</p> <p>Isulat ang talahanayan ng pagpaparami sa pisara kung sakaling makalimutan ng mga mag-aaral ang ilang mga katunayan sa pagpaparami. Magbalik-aral sa kanila kung paano din ito gamitin. Ang paggamit ng talahanayan ng</p>	

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Ang ibig sabihin nito ay ang pinakamaraming bilang doon ng 3 na nasa 14 ay 4. Ang apat na 3 ay katumbas ng 12.</i></p> <p><i>Isusulat natin ang tambilang na 4 sa itaas ng pangalawang tambilang sa dividend. Ang ibig sabihin nito ay ang 4 ay may halaga na tig-sasampu.</i></p> <p><i>Ano ang katumbas ng 4×3?</i></p> <p><i>Ano naman ang 14 - 2?</i></p> <p><i>Habang sumasagot ang mga mag-aaral, isulat ang kanilang mga sagot sa pisara. Tukuyin ang halimbawa sa modyul.</i></p> <p><i>Kasunod, ibababa natin ang 4. Ngayon, hahatiin natin ang 24 sa 3. Tingnan ang talahanayan ng pagpaparami. Ilagay</i></p>	<p><i>Labindatalawa (12).</i></p> <p><i>Dalawa (2).</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Maaari ba nating hatiin ang 1 sa 3?</i></p> <p><i>Hindi. Gaya ng ating sinabi, ang dividend ay dapat na mas malaki kaysa sa divisor. Ngunit kung isasama natin ang 4, makakukuha tayo ng 14, na mas malaki sa 3. Sa palagay mo ba ay maaari na nating hatiin ang 14 sa 3?</i></p>	<p><i>Oo.</i></p>
<p><i>Natatandaan mo pa ba na maaari nating gamitin ang talahanayan pagpaparami sa paglutas ng mga suliranin sa paghahati?</i></p>	<p><i>Oo, natatandaan namin.</i></p>
<p><i>Ngunit hindi mo makikita ang 14 sa kahon ng parehong hanay gaya ng 3. Ngunit makahahanap ka ba doon ng mga bilang na mas maliit sa 14?</i></p>	<p><i>Oo, makikita namin. Ang mga bilang na mas maliit sa 14 sa alimmang hanay ay 3, 6, 9, at 12.</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>pagpaparami ay tinalakay sa unang modyul.</i></p>	
<p><i>Magtungo sa Alamin Natin.</i></p>	
<p><i>Anong sagot ang kinalabasan sa paggamit ng pagdaragdag ni Mang Pilo.</i></p>	<p><i>192.</i></p>
<p><i>Sapagkat ang pagpaparami ay pagpapaikli lamang ng pagdaragdag, dapat na makuha natin ang parehong sagot.</i></p>	
<p><i>Anong mga bilang ang ating pararamihin?</i></p>	<p><i>24 at 8.</i></p>
<p><i>Habang ang mga mag-aaral ay sumasagot, isulat sa pisara ng patayo ang suliranin na pararamihin. Gamitin ang halimbawa sa pahina 6.</i></p>	
<p><i>Ngunit bago natin lutasin ang suliraning ito,</i></p>	

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>magkaroon muna tayong pagsasanay sa pagbibilang.</i></p> <p><i>Magbilang tayong isa-isa. Maaari kang tumingin sa unang kolumno sa unang hanay sa talahanayan.</i></p> <p><i>Ngayon ay magbilang tayong dalawahan.</i></p> <p>Gawin ang pagsasanay sa pagbibilang na ito para sa bawat tambilang.</p> <p><i>Natatandaan mo pa ba kung ano ang ating sinabing tungkol sa pagpaparami ng mga bilang na nagtatapos sa sero?</i></p> <p><i>Kung natatandaan mo pa ang alituntunin sa pagpaparami ng mga bilang na nagtatapos sa sero, maaaring matutuhan mo nang mas madali ang</i></p>	<p><i>1, 2, 3, 4, 5, ...10</i></p> <p><i>2, 4, 6, 8, 10, ...20</i></p> <p><i>Oo, natatandaan pa po namin. Idaragdag lamang namin ang mga bilang na sero sa product ng hindi serong tambilang.</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Sabihin sa mga mag-aaral na magbalik-aral sa mga termino ng paghahati na tinalakay sa <i>Pagpaparami at Paghahati</i>.</p> <p><i>1. Ang kahulugan ng bawat termino ay nakasulat dito.</i></p> <p>Pagkatapos ay magtungo sa mahabang paghahati. Isulat nang patayo sa pisara ang suliranin sa paghahati.</p> <p>Hahatiin natin ang bilang sa loob ng simbolo sa bilang na nasa labas nito. Sa gayon, hahatiin natin ang 144 sa 3. Ang bilang sa loob o ang dividend ay dapat na laging mas malaki kaysa sa bilang sa labas o <i>divisor</i>. Hahatiin natin ang dividend mula sa kaliwa pakanan. Sa isang bilang na may tatlong tambilang, hinahati muna natin ang tambilang na tig-iisang daan, pagkatapos ay ang tig-sampung at ang huli ay ang tig-iisa.</p>	

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Ipabasa sa isang mag-aaral ang maikling kuwento sa <i>Basahin Natin Ito</i>.</p> <p><i>Natatandaan mo pa ba kung ano ang ating sinabi tungkol sa pagbabawas at paghahati?</i></p> <p>Basahin ang Pag-isipan Natin Ito sa mga mag-aaral.</p> <p><i>Ilan lahat ang mga rosas?</i></p> <p><i>Sa ilan sila ipinagbibili ni Marita ?</i></p> <p><i>Alamin natin kung ilang grupo ng 3 rosas ang maaaring magawa mula sa 144 na rosas.</i></p> <p>Magtungo sa <i>Alamin Natin</i>.</p>	<p>Isang mag-aaral ang magbabasa ng maikling salaysay sa pahina 17.</p> <p><i>Oo, natatandaan namin. Sinabi natin na ang paghahati ay ang pinaikling paulit-ulit na pagbabawas.</i></p> <p>Isang daan at apatnapu't-apat (144).</p> <p>Tatluhan.</p> <p>Ang mga mag-aaral ay magtungo sa pahina 19.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>pagpaparami ng mas malalaking mga bilang.</i></p> <p><i>Ipahayag ang dalawang tambilang na bilang sa pinahabang anyo.</i></p> <p>Sa paggawa nito, kailangan lamang nilang tandaan ang magparami ng isang tambilang na bilang at ang alituntunin sa pagpaparami ng mga bilang na nagtatapos sa sero. Sa pagpaparami ng isang tambilang na bilang, maaari silang sumangguni sa talahanayan sa pagpaparami.</p> <p><i>Mahalaga na magkaroon muna tayo ng pagsasanay sa pagbibilang. Ang pagsasanay sa pagbibilang ay maaaring makatulong din sa pagsasaulo ng pagpaparami.</i></p> <p>Hayaan sila na tumingin sa talahanayan ng</p>	

Paghahati ng Bilang na may Tatlong Tambilang

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>pagpaparami habang nagbibilang.</p> <p><i>Magsimula tayo sa pagpaparami ng mas malalaking bilang.</i></p> <p>Ipaliwanag ang pamamaraan A.</p> <p><i>Tingnan ang talahanayan sa pagpaparami. Ano ang katumbas ng 4×8?</i></p>	<p>Ang mga mag-aaral ay titingin sa talahanayan sa pagpaparami at tatumpu't dalawa (32) ang kamiliang makikita.</p>
<p><i>Maaari ba ninyong alamin ito? Ito ay nasa kahon ng parehong kolumn ang 8 at sa parehong hanay ng 4. Maaari mo ring malaman ito sa kahon na nasa parehong hanay ng 8 at sa parehong kolumn ng 4.</i></p> <p><i>Ngayon ay isusulat natin ang 32 sa ibaba ng hanay ng 4 at 8. Ipakita</i></p>	<p>Oo.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>A. Paghahanda</p> <p><i>Natutuhan mo sa Pagpaparami at Paghahati 1 na ang paghahati ay kabaligtaran lamang ng pagpaparami. Kung kaya ang lahat ng natutuhan mo mula sa Aralin 1 ay saadyang mahalaga para sa aralin na ito.</i></p>	
<p><i>Ano ang pamagat ng pangalawang aralin?</i></p>	<p><i>Paghahati ng Bilang na may Tatlong Tambilang</i></p>
<p>B. Mga Gawaing Panglinang</p> <p><i>Basahin ang panimulang aralin sa mga mag-aaral.</i></p> <p><i>Makinig nang mabuti kung ano ang babasahin ko sa iyo.</i></p>	<p><i>Makinig nang mabuti ang mga mag-aaral.</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Natin ang Iyong mga Natutuhan sa pahina 15-16.</i></p> <p><i>Kung ikaw ay tapos na sa pagsagot nito, ihambing ang iyong mga sagot sa Batayan sa Pagwawasto sa pahina 46-51.</i></p> <p>Batay sa mga iskor ng mga mag-aaral, pagpasyahan kung maaari na silang magtungo sa susunod na aralin. Huwag ituro ang paghahati ng bilang na may tatlong tambalang kung hindi lahat ng tinalakay sa aralin na ito ay maliwanag sa mga mag-aaral.</p> <p><i>Upang matulungan ka na maintindihan at matandaan ang mahahalagang kaisipan na tinalakay sa aralin na ito, basahin ang Tandaan Natin sa pahina 14.</i></p>	<p>Ihahambing ng mga mag-aaral ang kamilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto</i> sa pahina 46-51.</p> <p>Babasahin ng mga mag-aaral ang <i>Tandaan Natin</i> sa pahina 14.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>kung saan nila dapat isulat ang sagot.</p> <p><i>Ngayon, paramihin natin ang 8 sa 20. Sinabi natin na kapag nagpaparami ng mga bilang na nagtatapos sa sero, kailangan lamang natin idagdag ang mga bilang ng sero sa product ng bilang na hindi nagtatapos sa sero. Ano ang katumbas ng 8×2?</i></p> <p><i>Ilang sero mayroon dito?</i></p> <p><i>Ano ngayon ang katumbas ng 20×8?</i></p> <p>Isusulat natin ito sa ibaba ng 32. Tiyakin na ang mga tambalang na nasa parehong place value ay magkahanay.</p> <p>Dahil napagpantay na natin ang mga bilang, maaari na itong ipagdagdag.</p>	<p><i>Labing-anim (16).</i></p> <p><i>Mayroon lamang isang sero.</i></p> <p><i>Isang daan at animnapu (160).</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Ano ang katumbas ng 2 at 0. Nang 6 at 3.</p> <p>Ngayon, sapagkat wala na tayong idaragdag pa sa digit na 1, ibababa lamang natin ito.</p> <p>Ano ang product ng 24 at 8?</p> <p>Ipaliwanag ang pamamaraan B. Ito ay pareho ng pamamaraan A, lamang ay isulat mo ang mga product nang magkahanay nang pahalang. Pagkatapos, pagdaragdag ang mga ito. Kaya $160 + 32 = 192$.</p> <p>Ngayon, isulat ang suliranin na pararamihin. $24 \times 8 = 192$ o $8 \times 24 = 192$ sa pisara.</p> <p>Ang pagpapalit-paliw sa ayos ng mga factor ay hindi nakaaapekto sa product.</p>	<p>Dalawa (2). Siyam (9).</p> <p>Isang daan siyamnapu't dalawa (192).</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>pahina 14. Kapag sila ay tapos na, sabihin sa kanila na ihambing ang kamilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto sa pahina 45–46</i>.</p> <p>C. Paggamit sa Napag-aralan</p> <p><i>Naintindihan mo ba ang aralin na iyong binasa?</i></p> <p>Kung ang isang mag-aaral ay sumagot ng hindi, hikayatin siya na magtanong tungkol sa mga bahagi ng aralin na hindi naging maliwanag sa kanya. Ipaliwanag pa ito nang husto upang lubos na maintindihan.</p> <p><i>Tingnan natin kung gaano mo naunawaan at natandaan kung ano ang iyong pinag-aralan sa araling ito. Gawin ang mga pagsasanay sa Alamin</i></p>	<p>ang kamilang mga sagot sa mga nasa <i>Batayan sa Pagwawasto sa pahina 45–46</i>.</p> <p><i>Oo, naintindihan namin.</i></p> <p>Sasagutan ng mga mag-aaral ang <i>Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan</i>.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Tama ba ang kanyang sagot?</i></p> <p><i>Ang 935 ay product ng 187 at 5. Ang 5×187 o 187×5 ay katumbas ng 935.</i></p> <p>Ipaliwanag ang pamamaraan B. Paramihin sa ganitong ayos:</p> <p>5×7 5×80 5×100</p> <p>Isulat ang binahaging product mula kanan pakaliwa. Pagkatapos ay idagdag mula kaliwa pakanan.</p> <p>Ipaliwanag ang pangalawang halimbawa gamit ang parehong pamamaraan.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral na sagutan ang <i>Subukan Natin Ito</i> sa</p>	<p><i>Oo, ito ay tama.</i></p> <p>Sasagutan ng mga mag-aaral ang <i>Subukan Natin Ito</i> sa pahina 14 at ipaghahambing</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>Isulat na ang bahaging 24 at 8 ay ang factor at 192 ay ang product.</p> <p>Ipaliwanag ang pangalawang halimbawa gamit ang katulad na pamamaraan. Matapos makarating sa katapusang product, sabihin sa mga mag-aaral na kilalanin ang factor at ang product sa ekwasyon.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral na sagutan ang <i>Subukan Natin Ito</i> sa pahina 8. Kapag natapos na nilang sagutan ito, sabihin sa kanila na ihambing ang kanilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto</i> sa pahina 41–42.</p> <p><i>Nakuha n'yo ba ang tamang sagot?</i></p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral na magungo sa pahina 8 para sa susunod na</p>	<p>Sasagutan ng mga mag-aaral ang <i>Subukan Natin Ito</i>. Pagkatapos ay ihahambing ang kanilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto</i> sa pahina 41–42.</p> <p><i>Oo, nakuha namin.</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Alamin Natin</i> na pagtatalakay ng pagpaparami ng mga factor ng bilang na kapwa dalawa ang tambilang ng bilang.</p> <p>Isulat ang suliranin nang patayo sa pisara.</p> <p>Sabihin sa isang mag-aaral na ipahayag ang 38 sa mahabang anyo. Tumawag pa ng isa upang gawin ang kapareho sa 12.</p> <p>Ipaliwanag ang pamamaraan A. Paramihin natin mula sa kanan pakaliwa.</p> <p><i>Paramihin muna ang 2. Sa gayon, ano ang katumbas ng 2×8?</i></p> <p>Ipakita kung saan nila dapat isulat ang sagot. Pagkatapos, isulat ang paliwanag sa kanang bahagi.</p>	<p>Ang mga mag-aaral ay magutungo sa pahina 8. Isa sa mga mag-aaral ang magsusulat ng 38 sa mahabang anyo. Isa pang mag-aaral ang gagawin ito sa 12.</p> <p><i>Labing-anim (16).</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Idagdag ang isang sero, ano ang makukuha natin?</i></p> <p><i>Isulat ang 400 sa ilalim ng 35 na sinisigurado na ang dalawang sero ay kapantay ng tambilang na 3 at 5.</i></p> <p><i>Sa pangwakas, ano ang katumbas ng 100×5?</i></p> <p><i>Idagdag lamang ang dalawang sero sa product ng 1 at 5.</i></p> <p>Habang sumasagot ang mga mag-aaral, isulat ang 500 sa pisara. Tiyakin na ang lahat ng mga tambilang na kabilang sa parehong puwesto ay magkapantay.</p> <p><i>Ano ang susunod nating gagawin?</i></p> <p><i>Sabihin sa isang mag-aaral na magtungo sa pisara at idagdag ang 35, 400 at 500.</i></p>	<p><i>Apat na daan (400).</i></p> <p><i>Limang daan (500).</i></p> <p><i>Idaragdag natin ang 35, 400 at 500.</i></p> <p>Isang mag-aaral ang magtungo sa pisara upang idagdag ang 35, 400, at 500.</p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>isang bilang na may isang tambilang.</p> <p>Sa pagpaparami ng bilang na may tatlong tambilang sa isang tambilang, susundan natin ang parehong hakbang kanina. Sino ang nais magsulat ng anyo ng 187 sa pisara?</p> <p><i>Pagkatapos, paramihin natin ang bawat 100, 80, at 7 sa 5. Una muna nating gawin ito sa 7. Ano ang katumbas ng 7×5?</i></p> <p><i>Habang sumasagot ang mga mag-aaral, isulat ito sa pisara.</i></p> <p><i>Ngayon, paramihin natin ang 80 sa 5.</i></p> <p><i>Magdaragdag lamang tayo ng isang sero sa product ng 8 at 5? Ang 8×5 ay katumbas ng...?</i></p>	<p>Isa sa mga mag-aaral ay magtutungo sa pisara upang ipahayag ang 187 sa pinahabang anyo.</p> <p><i>Tatlumpu't-lima (35).</i></p> <p><i>Apatnapu (40).</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>Ang 2×30 ay katumbas ng ...?</i></p> <p>Isulat ito sa ibaba ng 16 gaya ng ipinakikita sa pahina 9.</p> <p><i>Ngayon ay pararamihin ang 10. Ano ang product ng 10 at 8?</i></p> <p><i>Magaling. Ngayon, tingnan natin kung makukuha mo ito. Ano ang product ng 10 at 30?</i></p> <p><i>Ano ang susunod nating gagawin?</i></p> <p>Sabihin sa isang mag-aaral na magtungo sa pisara at idagdag ang mga product upang makuha ang panghuling product.</p> <p><i>Tama ba ang kanyang sagot?</i></p> <p><i>Sa gayon, masasabi natin na ang 38×12 ay</i></p>	<p><i>Animnapu (60).</i></p> <p><i>Walumpu (80).</i></p> <p><i>Tatlong daan.</i></p> <p><i>Ipagdaragdag natin ang 16, 60, 80 at 300.</i></p> <p><i>Oo, tama ito.</i></p>

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p><i>katumbas ng 456 o ang 456 ay ang product ng 38 at 12.</i></p> <p><i>Ipaliwanag ang pamamaraan B. Paramihin ng ganitong ayos:</i></p> <p>2×8 2×30 10×8 10×30</p> <p><i>Isulat ang binahaging product mula sa kanan pakaliwa na pinaghiwalay ng simbolo ng pagdaragdag. Tingnan ang pahina 9.</i></p> <p><i>Idagdag ang binahaging product mula kaliwa pakanan. Pagkatapos ay isulat ng patayo ang mga bilang na pararamihin.</i></p> <p><i>Kung hindi kaagad nakuha ng mga mag-aaral na ang 76 ay ang product ng 38 at 2, sabihin sa kanila na</i></p>	

Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo	Mga Gawain ng mga Mag-aaral
<p>ito rin ay ang kabuuan ng unang dalawang binahaging product, 16 at 60. Gawin din ang ganito sa 380.</p> <p><i>Ipaliwanag ang pangalawang halimbawa gamit ang dalawang pamamaraan.</i></p> <p><i>Sabihin sa mga mag-aaral na sagutin ang Subukan Natin Ito. Kapag tapos na nilang sagutan ito, sabihin sa kanila na ihambing ang kanilang mga sagot sa Batayan sa Pagwawasto sa pahina 43–45.</i></p> <p><i>Nakuha mo ba ang mga tamang sagot?</i></p> <p><i>Sabihin sa mga mag-aaral na magtungo sa pahina 12 ng modyul para sa susunod na Alamin Natin. Tinatalakay nito kung paano paramihin ang tambilang ang bilang na may tatlong tambilang sa</i></p>	<p>Sasagutan ng mga mag-aaral ang <i>Subukan Natin Ito</i> sa pahina 11. Pagkatapos, ihahambing nila ang kanilang mga sagot sa <i>Batayan sa Pagwawasto</i> sa pahina 43–45.</p> <p><i>Oo, nakuha namin.</i></p> <p>Ang mga mag-aaral ay magtutungo sa pahina 12.</p>